
Promotion and Commercialization of Grafting Technology for Selected Fruit-Vegetables (Tomato, Sweet Pepper, and Bitter Gourd)

# PAGDURUGSONG NG SILING LARA AND SILING MAANGHANG

- Ito ay dugsong na halaman na gumagamit ng sili bilang *scion* at *rootstock*
- Ito ay *resistant* laban sa *bacterial wilt*, isa sa mga sakit ng mga *solanaceous crops*, gaya ng kamatis, talong at sili, na nagdudulot ng malaking pinsala sa taniman dahil nakamamatay ito ng halaman
- Ang *bacterial wilt* ay dulot ng *bacterium* na *Ralstonia solanacearum* na natural na naninirahan sa lupa
- Ito rin ay mas matibay sa ulan at binabahang kondisyon ng lupa
- Mas matagal rin ang buhay nito kumpara sa normal na halaman ng siling lara

**Mga ginagamit na *varieties*:**


**Siling lara**: Uring gusto ng magtatanim
**Siling maanghang**: HP-RS # 1 (CM 334 long), HP-RS # 2 (Szechuan), HP-RS # 3 (CM 334 short)




Magpunla ng buto ng siling maanghang (*rootstock*)

**1-2** na araw

Magpunla ng buto ng siling lara (*scion*); Ilipat ang punla ng siling maanghang sa plastik na paso




**23-26** na araw para sa siling lara at **26** na araw sa siling maanghang



Idugsong ang siling maanghang gamit ang *tube grafting method*

Ilagay sa *humidity chamber* upang maghilom ang dugsong o *union*




**4-5** na araw



Ilagay sa *recovery chamber*

**2** na araw

Ilagay sa *nursery* sa loob ng **7-10** na araw upang tumibay ang halaman bago itanim




### TANDAAN

- Ang buong proseso ng pagdudugsong ay inaabot ng **42 araw** bago maitanim sa bukid.
- Ang dugsong na halaman ay tumatagal ng **100 araw** sa bukid.

## Pamamaraan ng Pagdurugsong:

1. Putulin ng 30˚ *angle* ang siling maanghang sa ibabaw ng dalawang pinakamababang tumutubong dahon o sa bahaging aakma sa sukat ng *rubber tube.*




2. Putulin ng 30˚ *angle* ang siling lara sa itaas ng pinakamababang tumutubong dahon o sa bahaging aakma sa sukat ng *rubber tube*.





3. Isuot ang siling lara sa *rubber tube*. Siguraduhing kalahati lamang ng *rubber tube* ang sinasakop ng siling lara.



4. Isuot ang *rubber tube* na may suloy ng siling lara sa putol na bahagi ng siling maanghang. Siguraduhing akma ang putol ng siling lara sa putol ng siling maangahang. Gawing gabay ang hugis ng *rubber tube*.



5. Siguraduhing nakadugtong ang siling lara sa siling maanghang. Obserbahang mabuti kung ang dugtong na halaman ay nakatayo ng tuwid.



### TANDAAN

- Ang ginagamit na rootstock ay *wild variety* na *open-pollinated*. Ito ay napatunayang *resistant* laban sa *bacterial wilt*.
- Siguraduhing malinis ang mga kamay at mga gamit, gaya ng *blade* at gunting, bago simulan ang pagdurugsong.


Department of Agriculture
**BUREAU OF PLANT INDUSTRY**
**Los Baños National Crop Research, Development and Production Support Center**

Funded by:
Department of Agriculture
Bureau of Agricultural Research